www.kidsworship.kr

8th Story


# Itinayo nina Bernabe at Saulo ang simbahan sa gitna ng mga tao!



**Narration** Matapos patayin ang Tagapaglingkod na si Esteban, lalo pang inusig at in-alipusta ng mga pinunong Judio ang mga naniniwala kay Jesus.

**Jews** Arestuhin ang lahat ng mga naniniwala kay Jesus na iyan..

**Soldier** Sundan niyo ako! Bilisan niyo na! Bilisan niyo!! Tara na!!!



**Narration** Dahil sa pag-uusig, maraming mananampalataya ang kinailangang umalis sa Jerusalem. Nagpunta sila sa mga lugar na kasing layo ng Phoenician Cyprus at Antioquia. Gayunpaman, ibinahagi pa rin ng mga naniniwala kay Hesus na tumakas patungo sa ibang bansa ang Mabuting Balita.

**Person 1** Oii!! ikaw. Narinig mo na ba ang tungkol kay Hesus?



**Person 2** Ano? Hesus? Ngayon ko palang narinig ang pangalang yan? Anong klaseng tao Siya?

**Person 1** Nakaka-awa naman kayo! Paanong hindi ninyo alam ang tungkol kay Hesus… Siya ang Anak ng Diyos, dumating Siya sa mundong ito at namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, ngunit muli siyang nabuhay.

**Narration** Sa ganitong paraan, patuloy na naipangaral ang Magandang Balita, at maraming tao na nakarinig, nagsisi sila at tinanggap ang Panginoon.



**Person 2** (Umiiyak) pinagsisisihan ko na namuhay ako sa gusto ko, simula ngayon… mabubuhay na ako na sumusunod sa mga salita ni Jesus.

**Person 1** Ohhh Kapatid!!! ikaw ngayon ay nagkaroon ng kaligatsan na mula sa Diyos.

**Narration** Dahil ang Diyos ay kasama ang mga taong ipinapangaral si Jesus, dumami ang bilang ng mga taong naniniwala sa Magandang balita araw-araw lalo na sa Antiqouia. Nang marinig ng mga mananampalataya sa Jerusalem na maraming tao ang naniwala kay Hesus. Ipinadala nila si Bernabe sa Antioquia.



**Jerusalem Church** Kapatid na Bernabe! Pumunta ka sa Antioquia, pangalagaang mong mabuti ang mga mananampalataya duon, at ipalaganap mo nang tama ang Salita ng Diyos.

**Barnabas** Opo, naiintindihan ko. Bagama't ako ay hindi sapat, pupunta ako nang may pananampalataya. Ipanalangin nyo po kami duon.

**Narration** Kaya! Pumunta si Bernanabe sa Antiqouia, nang siya ay makadating doon, ibinahagi niya ang tungkol sa Magandang Balita at ang tungkol kay Hesus sa mga miyembro ng simabahan sa Antiqouia at pinatibay ang kanilang pananampalataya.

**Barnabas** Ang taong sinasabi sa atin ng Lumang Tipan ay si Hesus. Sa wakas ay ipinadala Siya ng Diyos sa atin.



**Narration** Si Bernabe ay isang mabuting tao, puno ng pananampalataya at ng Banal na Espiritu, kaya ang bilang ng mga taong sumampalataya kay Hesus ay dumami araw-araw.

**Barnabas** Ito ay dahil sa lahat ng biyaya ng Diyos… ako ay isang hamak na lingkod lamang.

**Narration** Habang dumarami ang mga mananampalataya, kinailangan ni Bernabe ng isang taong makakasama niyang magtuturo sa kanila.

**Barnabas** Kailangan kong pumunta sa Tarsus at hilingin kay Saulo na samahan akong maglingkod sa simbahan ng Antioquia. Si Saulo ay mahusay sa gawaing ito.



**Narration** Kaya't si Bernabe ay nagtungo sa Tarsus upang makipagkita kay Saulo.

**Barnabas** O Diyos! Mangyaring tulungan Mo kami ni saulo na magkasamang maglingkod. Pakiusap po, O Diyos. Nanalangin ako sa pangalan ni Hesus. Amen.

**Narration** Ang Saulong tinutukoy ni Bernabe ay ang dating Saulo na nagbago matapos makilala si Jesus, siya din ang umusig sa simbahan dati. Nang makarating sa Tarsus si Bernabe, sinabi niya kay Saulo na sumama sa kanya upang maglingkod sa simbahan sa antioquia.



**Barnabas** (Si Barnabas ay dumating sa Tarsus.) Kapatid na Saulo~ Samahan mo akong maglingkod sa Antioquia. Turuan mo ang mga mananampalataya sa Antioquia sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Magkasama tayong magtayo ng simbahan na nakalulugod sa Diyos!



**Narration** Matapos marinig ang kahilingan ni Bernabe, agad na pumayag si Saulo at sumama sa kanya sa simbahan sa Antioquia. Sina Bernabe at Saulo ay nagturo ng Bibliya nang magkasama sa simbahan ng Antioquia at ipinangaral ang mga Salita ni Hesus.

**Saul** Sinabi sa atin ni Hesus na ibigin ang isa't isa.



**Narration** Ang mga mananampalataya ng Simbahan sa Antioquia, na tumanggap ng mga turo nina Bernabe at Saulo, ay sumunod sa mga salita ni Hesus at namuhay ng napakabuti at matuwid saanman sila naroroon.

**Person 1** Aba! ano kaya ang mga taong ito, ang kanilang mga mukha ay napakaliwanag at laging masaya?

**Person 2** Hindi mo ba narinig ang mga balita kamakailan lang? Sila ang mga namumuhay sa pamamagitan ng pagsunod sa mga Salita ni Kristo?

**Person 3** Kristo?? Ah, pwede natin silang tawagin na mga Kristiyano mula ngayon.

**Narration** Mula noon, tinawag ng mga tao na Kristiyano ang mga nananampalataya kay Jesus. Habang ang Simbahan sa Antioquia ay kinalulugdan ng mga tao, naging lalong matatag ito araw-araw.